

CALIFORNIA VOTER'S CHOICE ACT

Ang mga kasiya-siyang pagpapabuti ay darating na sa mga halalan sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento para sa mga Halalan ng Hunyo at Nobyembre 2018. Kung ikaw ay nakarehistro para makaboto:

1. Matatanggap mo ang iyong balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan.
2. Maaari mong ibalik ang iyong kinumpletong balota sa pamamagitan ng:



Pagpapakoreo nito.



Paggamit ng isang kahong hulugan sa county.



Pagbisita sa isang sentro ng pagboto.

3. Makakaboto ka nang personal sa alinmang sentro ng pagboto sa iyong county.

Kumuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa VotersChoice.sos.ca.gov o pagtawag sa (800) 339-2957

Gagawin ng Batas sa Pagpili ng Botante na mas madali at mas maginhawa para sa iyo na bumoto. Makakaboto ka kung kailan, saan, at paano mo gusto.

Saan ito ang mangyayari?

Sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento para sa mga Halalan ng Hunyo at Nobyembre 2018.

Kailan ako dapat bumoto?

Matatanggap mo sa koreo ang iyong balota ilang linggo bago ang halalan. Pagkatapos kumpletuhin ang iyong balota, maaari mong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o sa alinmang kahong hulugan o sentro ng pagboto sa county. Ang mga sentro ng pagboto ay mananatiling bukas para sa personal na pagboto para sa 11 araw, hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan.

Saan ako makakahanap ng isang kahong hulugan o sentro ng pagboto?

VotersChoice.sos.ca.gov

Paano kung hindi ko natanggap ang aking balota?

Bisitahin ang alinmang sentro ng pagboto sa iyong county o tawagan ang tagapagrehistro ng county upang humiling ng pamalit.

Ano ang maaari kong gawin sa isang sentro ng pagboto?

Sa alinmang lokasyon sa iyong county para sa hanggang 11 araw kabilang ang Araw ng Halalan, ikaw ay maaaring:

- Bumoto nang personal
- Dalhin ang iyong kinumpletong balota
- Kumuha ng pamalit na balota
- Bumoto sa pamamagitan ng isang madaling gamiting makina sa pagboto
- Humingi ng tulong at mga materyal sa pagboto sa iba't ibang mga wika
- Magparehistro para makaboto o isapanahon ang iyong pagpaparehistro



I-download ang aming app at sundan kami sa aming mga social platform



californiasos



casosvote



californiasos_



californiasos